Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 12

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 210
## Serye ng 2022

**KAPASIYAHAN** NG PAGPAPAABOT NG MAINIT AT TAOS-PUSONG PAGBATI NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MAYNILA KAY KA EDUARDO V. MANALO, TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN NG IGLESIA NI CRISTO, SA KANYANG IKA-67 NA KAARAWAN SA IKA-31 NG OKTUBRE 2022

**PRINCIPAL AUTHORS: HON. ROBERTO S. ESPIRITU II,** HON. BENNY FOG T. ABANTE III, HON. IRMA C. ALFONSO-JUSON, HON. TERRENCE F. ALIBARBAR, HON. ARLENE MAILE I. ATIENZA, HON. KRYSTLE MARIE C. BACANI, HON. DON JUAN "DJ" BAGATSING, HON. LARIS T. BORROMEO, HON. RUBEN F. BUENAVENTURA, HON. CARLOS C. CASTAÑEDA, HON. LOUISITO N. CHUA, HON. NIÑO M. DELA CRUZ, HON. JESUS E. FAJARDO, JR., HON. PAMELA "FA" G. FUGOSO-PASCUAL, HON. JAYBEE S. HIZON, HON. MARTIN V. ISIDRO, JR., HON. RICARDO "BOY" A. ISIP, JR., HON. RODOLFO N. LACSAMANA, HON. MACARIO M. LACSON, HON. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, HON. MOISES T. LIM, HON. NUMERO G. LIM, HON. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, HON. ERICK IAN O. NIEVA, HON. CHARRY R. ORTEGA, HON. ELMER M. PAR, HON. LOUISA MARIE "LADY" QUINTOS-TAN, HON. SCIENCE A. REYES, HON. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, HON. DARWIN B. SIA, HON. LUIS C. UY, HON. LUCIANO M. VELOSO, HON. JOEL "JTV" VILLANUEVA, HON. RAYMUNDO R. YUPANGCO, HON. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, HON. LEILANI, MARIE H. LACUNA, HON. DANIEL DAVE A. TAN, **HON. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Majority Floor Leader and **HON. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Vice-Mayor and Presiding Officer

SAPAGKAT, ang Iglesia Ni Cristo, sa pagpapalaganap ng mga salita at ng mga turo ng ating Panginoon Diyos, ay patuloy na gumagawa ng mga proyekto na naglalayong tulungan at iangat ang pamumuhay ng nakakaraming mamamayan lalong–lalo na sa mga dumaranas ng sobrang paghihirap at mga problemang pangmedikal;

SAPAGKAT, dahil sa patuloy at walang sawa na pagbibigay tulong sa mga mamamayan ng Iglesia Ni Cristo ay patuloy na lumago at dumami hindi lamang dito sa Pilipinas gayundin sa iba't ibang bansa sa buong mundo;

SAPAGKAT, ang programa at proyekto ng Iglesia Ni Cristo ay umani ng mga parangal at pagkilala mula sa ating pamahalaan at ito ay lalong naipakita sa pagpasa ng Republic Act No. 9645 na lubhang nakatulong sa unti-unting pag-unlad ng mga mamamayang Pilipino pati na rin ng ating bansa at lahat ng ito ay naisakatuparan sa ilalim ng pamumuno ng Tagapamahalang Pangkahalatan na si Ka Eduardo V. Manalo;

SAPAGKAT, sa darating na ika-31 ng Oktubre 2022, ang ating Tagapamahalang Pangkahalatan na si Ka Eduardo V. Manalo ay ipagdiriwang ang kanyang ika-67 taon na kaarawan at sa pinagpalang araw na ito ay naaayon at nararapat lamang na siya ay batiin at ipanalangin na bigyan pa ng maraming taon at pagkakataon na magpatuloy na ipamahagi ang salita at gawa ng Diyos habang nagkakaloob ng mga serbisyo sa taong bayan lalo na sa pinakanangangailangan: KAYA NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ng pagpapaabot ng mainit at taos-pusong pagbati kay Ka Eduardo V. Manalo, Tagapamahalang Pangkahalatan ng Iglesia Ni Cristo sa kanyang Ika-67 na kaarawan sa ika-31 ng Oktubre, 2022; at muling mangyaring

IPASIYA, na ang sipi ng kapasiyahan na ito ay ipadala sa Iglesia Ni Cristo.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika-11 ng Oktubre, 2022.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmdkjm/agv/rd